

# 1

Gusto nang maglupasay ni Adriana sa hallway papunta sa ICU ng *St. Luke's Medical Center*. Naroon siya dahil inatake sa puso ang kanyang ama. Bigla ang mga pangyayari at itinawag lang sa kanya ng mommy niya. Ni hindi pa nito nasasabi sa kanya ang dahilan kung bakit inatake ang daddy niya.

“A-Adie?” Boses iyon ng kanyang ina. Kagagaling lang nito sa ICU.

“Mommy? How is he?”

Mrs. Rosanna Mallari led her to an empty bench.

“Stable na daw siya, sabi ng mga doctors. At p'wede na siyang ilipat sa private room.”

She should've been relieved, pero sa hitsura nito ay alam niyang mayroon pa itong hindi nasasabi.

“W-what is it, Mom? A-ano pa ang sinabi ng doktor?” kinakabahang tanong niya. Mula pa man ay daddy's little girl na siya. Mahal din niya ang kanyang ina subalit mas malapit siya sa kanyang ama.

“Fatal ang naging atake ng daddy mo. It's a miracle that he survived. Pero ang sabi ng doctor,

hindi pa nila masabi kung ano ang epekto ng atakeng iyon sa kanya. Normal ang brain activity niya, but they can't tell for sure hangga't hindi siya nagkakamalay. They said he can be paralyzed!"

Namutla si Adie sa sinabi nito. Pero sinikap niyang itago sa ina ang takot na naramdaman. Hindi makakabuti sa kanila kung pareho silang panghihinaan ng loob.

"Mommy, sabi lang iyon ng mga doctors. Hindi rin naman sila sigurado, di ba?"

Napahagulhol na ang ginang. "I... I'm sorry, baby. D-dapat ay mas maging matapang ako para sa iyo. B-but I just can't help it. I'm so scared for your father!"

Hindi na niya magawang magsalita dahil na-overcome na rin siya ng sariling damdamin.

Batid ni Adie kung gaano kamahal ng kanyang ina ang daddy niyang si Mr. Arnaldo Mallari. Madalas nitong ikuwento sa kanya noong maliit siya na ang ama raw niya ang soulmate nito. And that she knew he was her other half even before she met him personally. Walang extraordinary sa love story ng kanyang mga magulang. Mechanical engineer sa Qatar ang daddy niya. Teacher naman dito sa Pilipinas ang mommy niya. They became pen pals

through a common friend. Sa sulat nanligaw ang kanyang ama. Sa sulat din ito sinagot ng kanyang ina. Naging magkasintahan ang dalawa kahit tanging sa litrato lang nakita ang isa't isa. Nagpakasal ang mga ito nang umuwi sa bansa si Arnaldo.

“D-don't worry, Mom. Everything will be all right. M-magdasal na lang tayo na hindi ganoon kalubha si Daddy.”

Mahigpit niyang niyakap si Mrs. Mallari at tahimik na nanalangin na sana nga ay maging maayos ang lagay ng kanyang ama. Walang-imik na nakaupo lamang sila roon at kapwa nagdarasal.

“What happened, Mom? Bakit biglang inatake si Daddy?”

Dalawang linggo siyang nakipanuluyan sa pinsang si Miranda dahil nagpaplano siyang magtayo ng sarili niyang Montessori school at naghahanap siya ng magandang location para roon. Tiyempo namang lumuwas galing sa Pangasinan ang isa pa nilang pinsan na si Nina. Naging bonding moment na rin nila iyon dahil bihira silang magkakasama.

Paalis na sana siya sa bahay ng pinsan para makipagkita sa isang dating kaibigan nang makatanggap siya ng tawag mula sa kanyang ina.

Kaagad siyang sumugod pauwi ng Carmona, Cavite.

“I... I don't really know, Adriana. Umuwi siya kagabi na galit na galit. May tao raw na nanloko sa kanya. Noon ko lang siya nakitang ganoon. Kahit ako nga'y nasigawan niya nang tanungin ko siya.” Nailing ang ginang. “Hindi ko alam kung ano ang problema niya. And that's what's bothering me more.”

Hinawakan ng dalaga ang kamay nito. “Don't worry, Mom. Kung anuman iyon, magkakasama nating haharapin.”

Gusto niyang maniwalang kaya nilang lagpasan ang anumang problema bilang isang pamilya. Ngunit naroon pa rin ang takot sa kanyang puso.

Lumaki si Adie na secured sa lahat ng bagay. Sa kanilang magpipinsan ay siya ang lumaking nakakaangat sa buhay. They were not filthy rich but they could afford luxuries dahil maunlad ang restaurant business nila. At nagawa ring magpundar ng kanyang mga magulang ng isang two-storey townhouse sa isang three hundred square meters na lote sa isang exclusive subdivision sa Carmona.

Her parents had been very protective of her lalo na ang kanyang ama dahil nag-iisa lang siyang anak. Hindi siya naïve sa kalakaran ng buhay, subalit hindi

niya kailanman naranasan ang maghirap simula nang nagkaisip siya. Naging smooth sailing ang lahat ng bagay sa kanya dahil shielded siya sa lahat ng problema. Kung mayroon man siyang naging problema noon, it's as superficial as what to wear in a party, o kung paanong mawawala overnight ang tumubong pimple sa kanyang noo.

Pero kahit overprotected si Adie ay hindi naman siya lumaking isang wimp. May freedom siyang gawin ang mga bagay na gusto niya. Hindi siya risk taker katulad ng pinsan niyang si Miranda. Ngunit malakas din ang loob niya. Kung totoo nga ang sinabi ng kanyang mommy tungkol sa ama niya, ito ang unang pagkakataong mahaharap siya sa isang mabigat na problema.

Humugot siya ng malalim na hininga. Hindi niya alam kung ano ang mangyayari bukas.

---

“Pare!” Pahangos na isinara ni Calvin ang kurtina ng isang cubicle sa emergency room na kinaroroonan ni Chase. “Lagot tayo, parating na ang lola mo!”

“Ano?” Bahagya siyang napangiwi nang bumangon. Kahit ang nurse na naglalagay ng gauze sa sugat niya ay nabigla rin. “Paano nalaman ni Lola?”

Akala ko ba'y walang nakakita sa atin?"

Napakamot ito sa ulo. "Hindi ko rin alam."

Napamura siya nang malutong.

"Sir, hindi pa po tapos malagyan ng bandage iyang sugat ninyo," anang nurse na halatang nagpapa-cute pa sa kanya.

Muli siyang napamura bago nahiga ulit. Hindi niya maiiwasan ang galit ng lola niya. Might as well have his wound covered bago pa nito makita ang malaking hiwa sa kanyang tagiliran na nangailangan pa ng twenty-five stitches.

Masakit ang ulo ni Chase dahil sa dami ng nainom. At tinitiiis lang niya ang kirot ng sugat pagkat hindi gaanong tumalab ang anaesthesia sanhi sa espiritu ng alak. Ayaw naman niyang inumin ang pain reliever na ibinigay ng doctor.

"Patay na naman tayo nito kay Lola," ani Calvin bago pasalampak na naupo sa naruong silya. "Kung bakit kasi pinatulan mo pa ang ugok na iyon."

"Sinisi mo pa ako. That jerk was bullying his girlfriend!"

"And you have to come to her rescue like a knight in shining armor!" he replied sarcastically. "Great!

And all you've got is a nice cut on your side and the impending wrath of Queen Elizabeth herself!" dugtong pa nito na ikinatawa niya.

"But I got her number," nakangising sabi niya. Halos mapatalon mula sa kinauupuan ang kausap.

"Ang tindi mo talaga, pare!" natatawang nailing na sabi nito.

"Ikaw lang kasi. Wala kang tiwala sa akin."

Sa wakas ay natapos din ang nurse sa paglalagay ng bandage sa tagiliran ni Chase. Malagkit ang ngiting nakapaskil sa mukha nito nang titigan niya. Nginitian din niya ang babae na halatang kinilig sa ginawa niya.

"Charles Sebastian Villanueva!"

Lahat sila ay napalingon sa tinig na nagmula sa nahawing kurtina ng cubicle. Galit na pumasok sa loob si Mrs. Dulce Legaspi Villanueva, kilalang matriarch ng pamilya Villanueva, a high-class socialite, the strict and no-nonsense CEO of *Villanueva Group of Companies*, and unfortunately, his grandmother!

Chase groaned. Sa edad na seventy-one ay malakas pa rin itong tingnan. Parang umuusok na dragon ang mukha nito nang pumasok. Nagpasintabi

ang nurse dahil sa takot. Kahit si Calvin ay bigla ring napatayo sa upuan at animo sundalong naghihintay ng utos mula sa isang general.

“Ano na namang gulo itong pinasok mo, Chase?”

“Ah... eh... Lola, k-kasi po...”

Tinitigan lang ni Dulce ang kaibigan ng apo. At para na itong asong nabahag ang buntot. Napangiwi ito at alanganing sumulyap sa kanya.

“Leave us!”

Sumenyas lang sa kanya si Calvin. At kasabay na nitong lumabas ng cubicle ang dalawang thugs na bodyguard ng kanyang lola.

Inat-inat siyang bumangon kahit makiro ang sugat niya.

“It’s just a small fight, Lola.”

“A small fight? You call that a small fight? You almost got yourself stabbed!” bulyaw nito. “Nakausap ko ang doctor at sinabi niyang kung bumaon sa iyo ang kutsilyong iyon ay malamang na natamaan ang kidney mo!”

“I didn’t start it. Tumulong lang ako. Calvin can attest to that. And besides, nakakulong na ang

lalaking iyon!”

“Hindi ko na alam ang gagawin ko sa iyo. When will you grow up, Chase?”

May iritasyon sa tono ng biyuda. Chase wanted to roll his eyes heavenward. Kung nag-aalala man sa kanya ang abuela, mas higit ang pagkainis nito dahil naabala ito ng gulong kinasangkutan niya. And unwantedly, he felt that familiar ache in his heart.

“La, twenty-nine years old na ako. I’m already a grown-up. And besides, natural lang sa isang katulad ko ang paminsan-minsang masangkot sa gulo.”

“Paminsan-minsan? My God, Chase! Hindi ako maghihisterya nang ganito kung totoo ang sinasabi mo. Kung bakit kasi hindi mo tigil-tigilan iyang pagiging palikero mo! Di sana’y nakakaiwas ka sa basag-ulo!”

He gave a sarcastic laugh. “P’wede ba, Lola, wala namang grabeng nangyari sa akin. And don’t act as if you care because you really don’t! At least, not for me.”

Ayaw man niya ay lumabas pa rin ang hinanakit sa kanyang huling sinabi.

“How could you say that!”

Tinitigan niya ang abuela.

“Bakit? Totoo naman, di ba? Katulad ka rin ni Mama. You care about your empire, your business, but never about me. Hindi ko nga maintindihan kung bakit nag-abala ka pang puntahan ako dito.”

Nakita niyang namula ang matanda at napasinghap ito. Ngunit katulad ng dati ay mabilis nitong nabawi ang composure. He smiled bitterly.

His grandmother was a cold and callous woman. Katulad din ito ng mga magulang niya. Kinupkop siya nito noong sampung taong gulang siya, when his mother left him just a few days after his father's death. Marahil ay napilitan lang ang lola niyang kupkupin siya. Kaya katulad ng kanyang ina, madalas din siyang iwan nito sa mga yaya.

In fairness, hindi naman siya minamaltrato nito. She showered him with all the wealth and luxuries money can afford. Only, hindi mamahalin at magagarang bagay ang kailangan ng isang sampung taong gulang na bata.

He needed love and guidance. And he needed answers. Sa mga tanong kung bakit ganoon ang buhay niya. Kung bakit walang gustong mag-ukol ng panahon sa kanya. He wanted to know what

was wrong with him. Kung bakit ayaw sa kanya ng kanyang pamilya.

Ngunit nang lumaki na si Chase ay wala pa ring makapagbigay sa kanya ng sagot. Hanggang sa mapagod na siyang umasa. Kung ayaw ng mga ito sa kanya, hindi rin niya kailangan ang mga ito.

Chase grew up as rebel without a cause. Hindi rin niya alam kung ano ang nais niyang ma-accomplish sa pagiging pasaway niya. Gusto lang niya ng ganitong buhay. Masaya siya sa company ng ibang tao. He found solace in noisy bars. And he craved for the attention that other people give him.

“What do you want me to do, Chase? Ano ba talaga ang gusto mo? Why do you always do these things?”

He remained silent. Kahit sabihin niya, hindi nito maiintindihan. Lalo lang hahaba ang diskusyon nilang maglola.

“Chase, hijo.” Lumapit ito sa kanya at hinawakan ang isang braso niya. “Matanda na ako. At ikaw lang ang magmamana ng lahat ng yaman ng pamilya natin. You need to get your acts straight! Nakakahiya sa mga tao kung...”

Napaismid siya. Sinasabi na nga ba't nahuhuli

ang isda sa sariling bibig. Lumabas din ang totoo.

“Hindi ko kailangan ang pamana ninyo. Find someone else who’s interested!”

“Charles Sebastian!” Hindi niya ito pinansin. Muli siyang nahiga. Bahagya pa siyang napangiwi sa pagkirot ng sugat sa tagiliran. “Kahit ano pa ang sabihin mo, hindi mo p’wedeng tanggihan ang birthright mo, Chase! Isa kang Villanueva! Tandaan mo iyan.”

He cursed inwardly. “Okay, fine!” matamlay na tugon niya.

Dapat ay matuwa siya. Hindi biro ang halaga ng Villanueva fortune. At dahil nag-iisang anak lang ang daddy niya, at nag-iisang anak lang din siya, sa kanya mapupunta ang bilyones ng pamilya.

“Ayokong gawin ito, Chase. Pero this time ay wala na akong magagawa kundi ang rendahan ka.”

“Kung gusto ninyong ipa-block ang bank accounts at lahat ng credit cards ko, go ahead! Gawin n’yo ang gusto n’yo!”

The older woman scoffed. “You need someone to look after you. Hahanap ako ng taong gagawa niyon.”

Like always, ipapasa na naman nito ang

responsibilidad ng pag-aalaga sa kanya sa ibang tao.

“Oh, come on, Lola! I’m already twenty-nine years old!”

“Then start acting like one!” nanggigigil na bulyaw ni Dulce.

Hindi na lamang siya kumibo. He may not like his grandmother, pero naroon pa rin ang respeto niya rito bilang nakatatanda. At isa pa, napapagod na siyang makipag-away rito. Well, at least, for now.

They both have that stubborn streak kaya para silang batong palagi na lang nag-uumpugan. Pero sa ngayon, hahayaan niya muna itong manalo.

“Okay, fine. Bahala ka kung ano ang gusto mo!” bagot niyang sagot.

“Magpagaling ka muna dito. Sa bahay na natin pag-usapan ang lahat. Aalis na ako.” Tumalikod ito.

“Hindi mo man lang ba ako babantayan?”

Sandali itong natigilan, pero hindi ito lumingon.

“Nasa labas si Manang Rosa. Isinama ko siya dito para bantayan ka. Kumuha na ako ng private suite para sa 'yo.”

Nagtagis ang mga bagang ni Chase. Para siyang

*Adie's Baby - Doreen Laroya*

---

hiniwa muli ng punyal. Palagi na lamang siyang umaasa na ipadama nitong mahalaga rin siya. Pero palagi rin siyang bigo.

Galit na ipinikit niya nang mariin ang kanyang mga mata.

## 2

Kabadong iginalala ni Adie ang paningin sa malawak na sala ng mga Villanueva. Naroon siya para sa interview sa position bilang yaya. Nabanggit kasi ng isa niyang kaibigan na naghahanap ng nanny ang boss ng tita nito. She grabbed at the offer dahil sa unusual salary na fifty thousand pesos a month. Sobrang taas kung tutuusin. At hindi niya maiwasang mag-isip na baka may kakaiba sa trabahong papasukan. Pero kahit pa, kailangan niyang subukan dahil magiging malaking tulong sa kanilang pamilya ang kikitain niya.

Bumuntong-hininga siya. Bilog talaga ang gulong ng kapalaran. Akalain ba niyang mararanasan niyang maging mahirap sa isang iglap lang?

Nalaman nila mula sa kanang-kamay ng kanyang ama ang dahilan kung bakit ito inatake sa puso.

*“A-ano po’ng ibig ninyong sabihin, Tito Ralph?” tanong niya sa matalik na kaibigan ni Arnaldo at tumatayo ring head chef sa line of restaurants nila.*

*“Your father invested all of his money sa inaalok na negosyo ng college best friend niya, isang currency exchange business sa Middle East. Maganda ang*

*projections sa simula. Mahusay ang sales talk ng kaibigan niya at naengganyo ang daddy mo.”*

*“A-ano’ng nangyari?”*

*“It turned out that everything was a scam. Saka na lang iyon nalaman ng daddy mo nang isang buwan nang hindi tumatawag sa kanya ang kaibigan niya. When he called him, hindi na niya ma-contact ang number na ibinigay nito.”*

*Nanghihinang nasapo ni Adie ang kanyang ulo. “Oh, my God! M-magkano ang nawala sa kanya, Tito?”*

*“I... I really don’t know, Adie. Ang alam ko, dalawang ulit na nag-issue ng cheque ang daddy mo para sa taong iyon.”*

*Muli siyang napaungol.*

*“B-bakit ni hindi n’yo man lang pinigilan si Daddy?”*

*“I did. Skeptical na ako, simula pa lang. At sinabi ko sa kanya na wala akong tiwala sa kaibigan niya. But he assured me na mabuting tao ang lalaking iyon at malayong lokohin siya.” Ito man ay malungkot ding bumuntong-hininga. “May isa ka pa kasing hindi nalalaman, Adie.”*

*Another bad news? Kailan ba talaga matatapos*

ang problema? Totoo nga ang kasabihan na *when it rains, it pours*.

*“The business is not really doing good. Bago pa man nangyari ang atake ng daddy mo’y naibenta na niya ang dalawang branch ng restaurants n’yo sa San Pedro. Iyong nasa Tagaytay na lang ang natitira. At iyon man ay nanganganib na ring magsara. Iyon marahil ang dahilan kaya naisipan ni Arnaldo na mag-invest sa negosyo ng kaibigan niya.”*

*“B-but h-how? W-why?”* Hindi niya maintindihan kung bakit nalulugi ang kanilang restaurants.

*“Natalo tayo ng competitions. Marami na kasing mas bago at mas magagandang restaurants ngayon.”*

*Naisubsob niya ang mukha sa dalawang kamay. Pakiramdam niya ay hinang-hina siya sa natuklasan.*

*“H-hindi ba natin p’wedeng gawan ng paraan para hindi maisara ang branch sa Tagaytay?”*

*“P’wede siguro. But I doubt kung makakatulong pa iyon. Almost a year na na negative ang income ng restaurant. Personally, sa tingin ko’y hindi na talaga feasible na manatili pa itong operational.”* Ralph paused. Naramdaman pa niya ang pagpasil nito sa kanyang balikat. *“I’m really sorry, Adie. I’m sorry kung wala man lang akong maitulong sa inyo.”*

*Nakakaunawang tumango ang dalaga. Kung tutuusin ay malaki rin ang mawawala rito kung sakaling tuluyan na silang magsara, na posibleng mangyari na nga. But he stayed, nevertheless. Doon pa lang ay malaki na ang pasasalamat niya sa matanda.*

*“You’ve done more than enough, Tito Ralph. At gusto kong magpasalamat. May gusto lang akong itanong pa.”*

*“Ano iyon, hija?”*

*“Does my mom know?”*

*Umiling ito. “Sa hula ko’y hindi. Alam mo naman ang daddy mo. Hangga’t maaari’y ayaw niyang nag-aalala kayong dalawa ng mommy mo.”*

*Kung ganoon ay tama ang kutob niya. Pareho lang silang clueless ng kanyang ina.*

*“Oh, Daddy!” Hindi na niya napigilang mapahagulhol. Magkahalong awa at tampo ang naramdaman niya sa ama. Hindi nito dapat sinasarili ang problema. They were supposed to be a family at dapat lang na pagtulungan nila anuman ang hardship na dumarating sa kanila. But her father sheltered them from anything bad. Ito ang sumasalo ng lahat. Ganoon nito kamahal ang pamilya.*

Pinahid ni Adie ang luhang nangilid sa mga mata. Masakit pa rin sa kanya ang matuklasang wala nang natira sa daddy niya kundi ang bahay na naipundar nito, at maliit na halaga sa bangko na siya nilang ipinambayad sa hospital bills nito.

Iyon pa ang isang ikinalulungkot niya. Nakaligtas man sa atake ang daddy niya, paralisado naman ang kanang bahagi ng katawan nito at apektado rin ang pagsasalita nito. Napakabigat sa dibdib ang makita ang isang aktibo at masayahing tao na katulad ng kanyang ama, na naka-confine na lang sa wheelchair at parang gulay.

“Miss Adriana Mallari?”

Tumingala siya sa babaeng pababa sa hagdanan at nakatingin sa kanya. Tumayo siya bilang paggalang.

“A-ako nga po,” she answered smartly. Kung gusto niyang makuha ang trabahong ito, kailangan muna niyang kalimutan ang dinadalang problema.

The older woman walked regally. She was still slim and quite attractive for her age. At bakas din ang pagiging seryoso at istrikto sa mukha nito. Wala itong kangiti-ngiti habang nakatitig sa kanya.

“Sit down, Miss Mallari.”

Sinunod niya ang sinabi nito. Umupo rin ito sa single-seater sofa na katapat ng kinauupuan niya.

“So, you’re applying for the job?”

“Yes, Ma’am.”

Dinampot nito ang folder na nasa mesita at binuklat. Habang binabasa nito ang resumé niya ay malakas ang kabog ng dibdib ni Adie. At panay rin ang kanyang dasal. She needed this job. Sa kanya ngayon nakaatang ang pagiging breadwinner ng pamilya.

“Sabihin mo sa akin kung bakit dapat kitang i-hire bilang yaya ng apo ko.”

“W-well,…” Adie took a deep breath before speaking. “I have a bachelor’s degree in Elementary Education, SPED, to be specific. I also took some special child care training courses in Austin…”

“I know all about your credentials, Miss Mallari. Nabasa ko na lahat dito sa resumé mo. And to be honest, impressive ang educational attainments mo. And I can very well see na isa kang matalinong babae. But what I’d like to know is, what kind of a person are you para ipagkatiwala ko sa iyo ang apo ko?”

Sandali siyang nag-isip. “Responsible po akong

tao. Matiyaga at mahilig din po ako sa bata.”

Nakita niyang tumaas lang ang isang kilay nito. Natigil siya sa pagsasalita. Sandali siyang tumungo. She was wearing her best smile nang muli siyang tumitig sa kausap.

“Ma’am, hindi ko po alam kung ano ang gusto ninyong marinig mula sa akin. I can tell you all that’s good about me at sigurado akong hindi kayo maniniwala. But we can never really gauge a person not until we try them, can we? All I can say is that, I’m just another jobless person looking for an honest job, another hopeful who’ll try her hardest to sound and look her best. Sa tingin ko naman po, you’re a good judge of character. You can read people. I guess, you just have to go with your instinct whether to hire me or not. At kung anuman po ang magiging desisyon ninyo’y tatanggapin ko.”

Tinitigan ni Dulce ang kaharap na dalaga. At unti-unting gumuhit ang ngiti sa kanyang labi pagkarinig ng sinabi nito. She had guts! And the honesty she was looking for. Adriana was clever too! Sa lahat ng nakausap na niya ay ito lang ang nangahas na ibalik sa kanya ang subtle insult nang hindi nagmumukhang bastos. At ito lang din ang hindi nagbuhat ng bangko at halos magmakaawa na tanggapin lang niya.

Kilala niya kung sino si Adriana bukod sa information na nabasa niya sa resumé nito. Lahat ng aplikante ay pina-background check niya sa isang private investigator kaya nalaman niya kung anong klaseng pamilya ang pinanggalingan nito. Alam din niya kung bakit kailangan ng dalagang pumasok bilang yaya sa halip na manatiling isang teacher sa Montessori school na pinapasukan nito. She was the right girl for the job. Kayang-kaya nitong tapatan ang ugali ni Chase.

“Adriana... Can I call you ‘Adriana’?”

Sunud-sunod na tango ang isinagot niya. “O-oo naman po.” Parang gusto niyang tumalon sa tuwa. Tama kaya ang hinala niya?

“This is not a stroll in the park. I require you to look after my grandson at all times, kung di man twenty-four hours seven times a week. Kailangan mong dito tumigil sa mansyon para magawa iyon. You’ll be at his beck and call. Ikaw ang magiging anino niya. You’ll be with him everywhere he goes. Sa tingin mo ba’y kakayanin mo ang ganoon kabigat na trabaho?”

Sandaling nag-alinlangan si Adie. Ibig sabihin noon ay hindi niya makikita ang kanyang mga magulang nang matagal. Pero maiintindihan naman

siguro siya ng mga ito. They needed the extra income para sa pang-araw araw na gamot ng daddy niya at pati na rin sa therapy.

“Kakayanin ko po, Ma’am.”

“Good! Ang apo kong si Charles Sebastian ang aalagaan mo.”

*Ah, okay!* Marahan siyang tumango. Special child siguro ang apo nito kaya ganoon na lamang ang higpit ng ginang sa pagkuha ng prospective na yaya.

“Nasaan po ba ang apo ninyo?”

“Nasa ospital siya ngayon. He got into a fight at muntik na siyang masaksak ng nakaaway niya.”

Ospital? Muntik masaksak? Ganoon na ka-war freak ang apo nito? Parang bigla siyang natakot sa batang aalagaan.

Napansin marahil ng biyuda ang pagkalito sa kanyang mukha.

“You don’t have any idea who Chase is, do you?”

Maang na napailing si Adie. Sa totoo lang, alam niyang mayaman ang pamilya Villanueva. Hindi miminsang narinig niya sa news o nabasa ang pangalang ito sa mga magazines. Pero hindi niya

gaanong kilala ang mga miyembro ng pamilya.

Tumayo ito at may kinuhang photo frame sa ibabaw ng grand piano.

“This,” anitong iniabot sa kanya ang litrato ng isang binata; close-up picture iyon, “is my grandson Chase. And he’s twenty-nine years old.”

Kung hindi siguro siya nakaupo sa sofa ay baka nailaglag ni Adie ang picture frame na hawak.

Ito ang *batang* aalagaan niya?

“M-Mrs. Villanueva, n-nagbibiro ho ba kayo?”

“Do I look like I’m joking, Miss Mallari?”

“P-pero... h-hindi na po bata ang apo ninyo.”

The older woman scowled.

“Hindi na nga siya bata, but unfortunately, daig pa niya ang isang alagain sa dami ng sakit ng ulong ibinibigay niya sa akin.”

“B-baka ho hindi pumayag ang apo ninyo. H-hindi ho kaya mas tamang bodyguard na lang ang ikuha ninyo sa kanya? O kaya’y personal assistant?”

Much as she wanted this job and the astounding income, na ngayon ay alam na niya kung bakit

ganoon kalaki, hindi na niya tiyak kung sane pa ba na tanggapin niya ito.

“Maraming beses ko nang ginawa iyan, hija. Pero palagi na lang umaalis ang mga inuupahan kong tao wala pa mang isang linggo silang nakakasama ng apo ko. Ang suspetsa ko’y nabayaran sila ni Chase. You see, my grandson has a way of manipulating people. Magaling siyang mang-uto.”

“H-hindi ko pa rin po maintindihan! At paano po kayo nakasiguro na hindi rin ako mauuto ng apo ninyo?”

“I see you as a sensible and smart woman. Adriana. Pero nasa iyo pa rin naman iyon. Ngayon pa lang ay ipinauuna ko na sa iyo; Chase can be so charming when he wants to. At hindi lang bribery ang na-master niyang craft just to spite me. He despises me!”

*I wonder why...*

“Ako na ang nagsasabi sa iyo na masyadong matamis ang dila ng batang iyan. He’s wild as a stallion and he plays around with people’s feelings. Everything is just a game to him. Hindi siya marunong magseryoso. If you understand what I mean,” patuloy nito.

Naiintindihan niya nang buong-buo ang sinabi nito. Kung hindi siya masusuhulan ni Chase ay aakitin siya nito, just to have his way. She looked at his picture again. He was obviously attractive kahit hindi nakangiti. May karapatan itong mag-play around gaya ng nasabi ng matanda. He had the looks and the means. At sigurado siyang marami na itong sinaktan at pinaiyak na kabaro niya.

The guy despised his grandmother. Iyon ang sinabi ni Dulce kanina. At hindi niya maiwasang magtanong kung bakit ganoon ang binata sa abuela.

“P-p’wede ko po bang malaman kung bakit n’yo ito ginagawa? At nasaan ho ba ang mga magulang niya?”

Napabuntong-hininga si Mrs. Villanueva. “My son, Chase’s father, died when he was just ten years old. As for his mother, hindi ko alam kung nasaan ang manugang ko. She left right after my son’s death. Chase had been my ward since then.

“Pero dahil sa akin din pansamantalang naatang ang pagpapatakbo ng negosyong iniwan ng asawa ko’t anak, I took him for granted. And now that he’s already a grown-up man, kahit anong gawin ko’y hindi ko na mabawi ang panahong lumipas na hindi ko naalagaan ang apo ko.”

Kaya naman pala.

Sandaling lumamlam ang ekspresyon nito at nag-ulap ang mga mata. “I love my grandson. Pero hindi ko na alam kung ano’ng gagawin ko sa kanya. Gumagawa siya ng mga bagay na tiyak na ikaiinis ko para lang gantihan ako.”

Alam niyang hindi tamang ganoon ang iakto ng apo nito. Pero hindi niya masisi ang binata. May dahilan ang pagiging pasaway nito. He grew up alone, hindi man literal. Walang sumubaybay at nag-guide dito during his difficult years. Bilang isang teacher, batid niya kung ano ang puwedeng maging epekto ng neglect sa isang individual.

Maaaring maganda ang intentions ni Dulce, pero walang ipinagkaiba ang ginagawa nito ngayon sa ginawa nito noon. She was just passing her responsibility for her grandson to another stranger, again! Parang gusto niyang mainis sa biyuda. Wala itong sinosolusyunang problema.

“Will it just be easier kung magkakaroon kayo ng heart-to-heart talk na maglola? That way, maybe—”

“You’re not here to lecture me about my grandson, Miss Mallari! And I’ve already told you more than you should know. What I want to know now ay kung

interesado ka pa sa trabaho. Kung hindi naman, then I'm sure I'll be able to find somebody else.”

Nag-isip si Adie. Gusto niyang mag-back out dahil hindi niya tiyak kung magagawa niya nang maayos ang kanyang trabaho. Hindi rin niya tiyak kung kaya niyang pakibagayan ang binata o kaya ang lola nito. Parehong may issues sa buhay ang dalawa, kahit pa sigurado siyang walang aamin. Ngayon pa lang ay mistula na siyang naiipit sa dalawang nag-uumpugang bato. Pero sa tuwing maiisip ang malaking suweldo at ang matinding pangangailangan ng kanyang pamilya, nagdadalawang isip siya.

A picture of her father in his wheelchair appeared in her mind.

“So what will it be, Miss Mallari?”

“S-sige po, tatanggapin ko po.”

“Good!” May gumuhit na ngiti sa labi ng kausap, ang unang ngiti na nakita niya. And it was not even an amused smile but more of a triumphant one. “Hindi ka pala mahirap kausapin, Adriana. Bueno, alam mo na siguro kung magkano ang magiging sahod mo bilang nanny ng apo ko. May gusto lang akong liwanagin sa iyo. Si Chase ang magiging amo mo pero ako ang susundin mo. At kailangan kong malaman

kung ano ang ginagawa ng apo ko sa lahat ng oras. You'll report to me everything, is that clear?"

Tumango siya. "O-opo."

"I'll give you two days para ayusin ang mga dapat mong ayusin. Bumalik ka dito before eight on Monday morning."

Pagkatapos niyon ay ini-dismiss na siya ng nakatatandang babae. Hanggang sa makalabas siya ng mansyon at makasakay ng taxi pauwi ay lutang pa rin ang kanyang diwa. Hindi niya matiyak kung dapat niyang ikatuwa na siya ang nakakuha ng trabahong ninanais niya.

# 3

Alas siete pa lang yata ng umaga nang Lunes na iyon ay naroon na si Adie sa mansyon. Ni hindi na siya nag-almusal. Kaagad siyang dinala ng katulong na sumalubong sa kanya sa silid na ookupahin niya. Nagbilin itong eksakto alas ocho ay kailangan niyang bumaba para sa almusal. Nagpasalamat siya rito.

Inilabas niya ang cellphone mula sa bag at tinawagan ang ina. Isang ring lang at sumagot na ito.

“Hello, Adie? Kumusta ka na diyan? Maayos ba ang lagay mo?” tanong kaagad nito na para bang isang buwan na siyang nawala sa halip na ilang oras pa lang. Hindi niya tuloy mapigilang mapangiti kahit pa naiiyak na rin siya.

Halata sa mukha ni Rosanna na tutol ito sa pagpasok niya bilang yaya. Mabuti na lamang at hindi niya sinabi rito ang buong kuwento. Dahil tiyak niyang hindi na siya talaga papayagan nito kahit ano pa ang idahilan niya. Pero dahil wala na silang ibang options, wala na rin itong magawa. Kahit mabigat ang loob ay ibinigay nito sa kanya ang blessings. At maging ang kanyang ama, kahit pa hindi ito makapagsalita ay halata sa mukha nito ang lungkot.

Kinausap na lamang niya ito at sinabing madalas niya itong tatawagan.

“I’m fine, Mom! Guess what? I’m inside a pink room!” Pilit niyang pinasigla ang tinig. “Don’t worry too much about me. Malaki na ako at kaya ko nang protektahan ang sarili ko.”

“Basta, oras na pakitaan ka nila ng hindi maganda, mag-resign ka agad. Hindi na mahalagang magdildil tayo ng asin basta’t magkakasama tayo. We can survive this as a family, Adie.” Teary-eyed na naman siya sa narinig.

“Thanks, Mommy. Huwag kayong masyadong mag-alala sa akin, I’ll be fine. Kiss Daddy for me. Tatawag na lang po ako uli sa inyo bukas. I love you both.”

Matapos i-off ang cellphone ay itinabi na niya iyon at ininspeksyon ang kanyang silid. It was literally a pink room dahil pulos pink ang kulay ng mga gamit na naroon, mula sa floral wallpaper hanggang sa vinyl tiles. Kahit ang tokador at ang corner computer desk ay pininturahan din ng baby pink.

Lumapit siya sa bintana at hinawi ang makapal na kurtina. Pumasok ang sinag ng papasikat na araw sa kanyang silid. She looked down and saw the kidney-

shaped pool. Beyond that, sa bandang kaliwa ng pool, ay isang elevated structure, animo isang terrace na may maliit na garden. Sa far end ng terrace ay may nakita siyang structure na parang maliit na bahay. Kahit paano ay gumaan ang pakiramdam niya dahil nagustuhan niya ang view.

Nang iwan niya ang tanawin sa labas ay hinarap niya ang pagsasalansan ng kanyang mga gamit sa built-in closet. Wala pang limang minuto ay tapos na siya, may natitira pang twenty minutes bago mag-alas-ocho.

Wala sigurong magagalit kung maglilibot siya sa buong mansyon. Doon na rin naman siya titigil kaya dapat lang na maging pamilyar siya sa pasikot-sikot doon. Subalit bago pa man siya makalabas ng kuwarto ay may narinig siyang splash sa swimming pool. Curiously, tiningnan niya kung sino ang naliligo.

Nice tanned skin. Iyon ang una niyang napuna sa swimmer na gumagawa ng laps sa pool. Perfectly toned ang mga muscles ng lalaki sa katawan na gumagalaw sa bawat pagkampay ng mga braso at binti nito. From his broad upper body, to the tapered waist down to his long lean thighs and legs, ito ang tipo ng lalaking madalas nilang i-categorize na *makalaglag-panty*.

An impish grin curved her lips. Kapag nakita ito ni Miranda, siguradong hindi ito titigilan ng kanyang pinsan.

Nakita niyang umahon sa pool ang lalaki at naupo sa sun lounger. Hindi niya masyadong makita ang mukha nito pero sigurado siyang ito ang apo ng amo niya, si Chase.

She was right. May karapatan itong maging playboy. Kahit sa kalayuan ay dama niya ang matinding dating ng presence nito.

Hindi niya inaasahang titingala ito sa gawi niya. Sa gulat ay bigla siyang nagkubli sa gilid ng bintana. Hawak niya ng isang kamay ang dibdib. Bakit ganoon? Bakit kay bilis ng tibok ng kanyang puso? Para siyang isang magnanakaw na nahuli sa akto.

*Naku, sana hindi niya ako nakita, piping dasal niya.*

Hindi na niya sinubok pang silipin itong muli. At dahil limang minuto na lang at alas ocho na, nagpasya siyang bumaba na sa dining room para sa breakfast. Sandali niyang sinipat ang sarili sa salamin. At nang masigurong presentable siya ay huminga muna siya nang malalim bago lumabas ng silid.

Samantala, nangunot ang noo ni Chase nang

makita ang aninong biglang nagkubli sa gilid ng bintana. Kanina pa niya nararamdamang may nakatitig sa kanya at hindi nga siya nagkamali. Hindi niya alam na may tao sa silid na katabi lang ng kuwarto niya.

Binale-wala lang niya iyon at kontentong nagbilad sa pang-umagang sikat ng araw.

He missed this pool. Hindi naman kasi siya rito umuuwi sa mansyon. May sarili siyang condo unit na malapit sa kinatatayuan ng negosyo niya. Pero dahil nga muntik na siyang masaksak, nag-insist ang kanyang lola na rito muna siya umuwi. Hindi na siya tumutol.

“Señorito,” tawag ng isang katulong, “handana po ang almusal. Ipinatatawag na po kayo ng lola ninyo.”

Umingos siya. “Sige, sabihin mo na lang na susunod na ako.” Muli niyang ipinikit ang mga mata. Nagpalipas pa siya ng ilang minuto bago tumayo upang pumasok sa loob ng bahay. Dumerecho siya sa kanyang silid upang magbihis.

---

Nang marating ni Adie ang dining room ay naroon na ang babaeng amo.

“Good morning po, Ma’am,” bati niya. The older woman just nodded.

“Umupo ka na dito, hija.” She didn’t even smile. Hindi tuloy niya maiwasang makadama ng pagkailang. Bawal ba talagang ngumiti sa bahay na ito? Parang gusto niyang itanong iyon sa amo.

Sa halip na magsalita ay walang-imik na lang siyang naupo sa silyang itinuro nito. They ate in silence. Masarap ang mga nakahaing pagkain pero parang walang lasa sa kanya. Siguro ay dahil hindi siya nasanay sa ganito ka-stiff na atmosphere. Namiss niya tuloy ang light atmosphere sa bahay nila.

Malapit na siyang matapos kumain nang pumasok sa komedor ang isang matangkad na lalaki. Her eyes automatically flew to him. Nakasuot ito casual attire at basa pa ang crew cut na buhok. Walang duda na ito ang lalaking pinanonood niya kanina sa pool. Ito rin ang lalaking nakita niya sa larawan. Mas magandang lalaki pala ito sa malapitan. With that realization ay kaagad na namula ang kanyang mukha.

“Good morning, Lola,” matabang na bati nito sa abuela. At kahit humalik ito sa pisngi ng matanda ay wala siyang makitang init sa halik na iyon.

Gustong umikot ng mga mata niya. Ano ba itong

napasukin niya at para siyang nasa loob ng freezer! Walang init ang mga damdamin ng mga taong narito.

“You’re late.”

Umingos lang ang binata at umupo sa puwestong laan para rito.

“Sino siya?” tanong nito sa abuela. Minsan lang siyang sinulyapan ng binata.

*Hmph! Guwapo nga, snob naman!* Dinampot niya ang tasa ng kape upang uminom.

“Meet your new nanny, Chase!”

Lumikha ng ingay ang nabitiwan nitong tinidor. Siya naman ay pasimpleng tumungo.

“My what? Lola, is this some kind of a joke?” galit na tanong ng lalaki. Hindi naman siya makapagsalita.

“Narinig mo ang sinabi ko. Si Adriana ang bagong yaya mo,” kalmado pa ring sagot ni Dulce. Ni hindi ito natinag sa pagtataas ng boses ng apo.

“Yaya? But that’s bulls—t! Matanda na ako para bigyan n’yo pa ng yaya! Ano ba’ng pumasok sa isip ninyo?”

“Huwag kang sumigaw, Chase. Magkakatabi lang tayo dito!” Tinitigan nito nang may warning ang apo.

“Nasabi ko na noon na ikukuha kita ng isang taong mag-aalaga sa iyo.”

“Kaya kinuha ninyo siya? Para alagaan ako? Lola, matanda na ako. Kaya kong alagaan ang sarili ko. I don't even need you to take care of me! And I certainly don't need her!”

Ouch! Si Adie ang nasaktan sa sumbat nito sa matanda. Ngunit nang tumingin siya kay Dulce, blangko ang ekspresyon sa mukha nito.

“Sabihin mo na ang gusto mong sabihin. My decision is final. She'll stay with you as your nanny. Nang sa ganoon ay malaman ko kung ano ang ginagawa mo sa buhay mo sa lahat ng oras.”

Hindi niya maunawaan kung ano ang nakakatawa sa tinuran nito. Bigla na lang kasing humalakhak si Chase.

“Iyon naman pala ang gusto ninyo, isang espiya!” Patuloy pa rin ito sa katatawa. “Really, Lola, ganyan ka na ba talaga kadesperadang patinuin ako?”

Di-sinasadyang napaubo siya. Mabilis na lumipad sa kanya ang tingin ng binata. Kahit iniwas ni Adie ang mukha, she could still feel his angry gaze on her.

Chase looked at his nanny intently.

Hindi niya maintindihan kung ano ang tumatakbo sa utak ng kanyang lola. Treinta años na siya sa isang buwan. At ngayon pa siya ikinuha ng yaya? Ano naman ang gagawin ng babaeng ito sa kanya? Pakakainin siya? Paliliguan? Bibihisan?

Though the thought looked tempting, wala siyang panahong i-indulge ang excitement na unti-unting gumapang sa buo niyang katawan.

Pinagmasdan niya itong mabuti. Maganda ito kaysa karaniwan. With her round eyes and arched brows and thick eyelashes; small upturned nose na kinakitaan niya ng mangilan-ngilang freckles sa tungki; and her small sensual lips with a slight cleft on the lower part. The light blush on her cheeks made her look even more beautiful. Amber brown curls framed her delicate face, supported by an equally delicate neck. Hindi niya mapigilang mapalunok sa creaminess ng balat nito sa leeg at sa itaas na bahagi ng dibdib na exposed sa suot nitong t-shirt.

Kung naiba lang ang sitwasyon ay hindi niya palalagpasin ang pagkakataong makilala ito. Pero dahil kinuha itong espiya ng kanyang lola, nag-extend dito ang galit na nararamdaman niya sa matanda.

“I know you have a way of manipulating people around you, hijo. But Adriana’s different. So don’t

push your luck too much.”

He scoffed. “Talaga? At sa tingin mo’y hindi ko mauuto ang babaeng iyan? I’ll have her eating from my palm in just a day!”

Nag-init ang ulo ni Adie sa narinig. Conceited, selfish, bull-headed pig! Ano ang akala nito sa kanya, isang pipitsuging babae?

Nanggigigil na pinigil niya ang sarili na sagutin ito.

“Iyon naman pala. So why fight me on this? Bakit hindi mo na lang tanggapin si Adriana?”

Parang kuting na na-corner ng aso ang binata. Helplessly ay itinaas nito ang dalawang kamay at padabog na tumayo.

“This is insane!” Dinuro nito ang mukha ni Dulce. “You’re insane!” Walang paalam na lumabas ito ng komedor.

Nagpupuyos ang loob na pumasok si Chase sa kanyang silid. Halos matanggal na sa hinges ang pinto sa lakas ng pagkakabalandra niya.

“Shit!” Inihagis niya ang nadampot na unan. Naiinis talaga siya, sa kanyang lola at sa babaeng iyon! Anong klaseng babae ang papasok sa isang

napaka-ridiculous na trabahong kagaya ng inialok ni Dulce?

Isang babaeng malaki ang pangangailangan sa pera. Siguradong malaki ang sahod na tatanggapin nito mula sa kanyang lola.

Kung kaya itong bayaran nang malaki ng abuela niya, may pera rin siya at kaya niyang tapatan ang halagang galing dito. Di nga ba't maraming beses na niyang nagawa iyon noon? At kung hindi man ito masilaw sa pera niya, puwede siyang gumamit ng ibang means, isang alternatibong paraan na ngayon pa lang ay nakakapagpakulo na ng dugo niya, in a very stimulating way!

Gumuhit ang isang pilyong ngiti sa kanyang mga labi. Bakit nga ba hindi niya tratuhin ito bilang isang advantage para sa kanya? She could be a pleasant diversion. I-e-enjoy niya muna ang company ng dalaga. At kapag sawa na siya, saka niya ito didispatsahin gaya ng ginawa niya sa iba.

He sneered. Serves her right sa pagpayag na maging puppet ng kanyang lola!

---

Tulala pa rin si Adie.

“Ano pa ang hinihintay mo, Adriana?”

Napapiksi pa siya nang marinig ang malakas na tinig ng biyuda. Natatarantang tumayo siya. Ni hindi niya alam kung saan pupunta o kung ano ang gagawin.

“Mag-ayos ka na ng sarili mo. Chase will go to his office at exactly,” tumingin ito sa wristwatch, “fifteen minutes. Sasama ka sa kanya sa opisina.”

“S-sige po.” Mabilis siyang umakyat patungo sa kanyang silid para mag-toothbrush at magbihis. Pagkalabas niya ay nauna lang ng ilang hakbang si Chase sa kanya sa hagdanan. Sinundan niya ito hanggang sa garahe. Halos sabay pa silang lumulan sa moss green *Camaro* nito.